REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 99-095**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, MGGL. JAIME R. FRESNEDI, NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG LUNGSOD UPANG PUMASOK SA KONTRATA PARA SA PROYEKTONG "CONSTRUCTION OF NICHES" SA AM-FM BUILDERS SA HALAGANG DALAWANG MILYON WALONGDAAN TATLUMPU'T PITONG LIBO, TATLUMPU'T TATLONG PISO (P2,837,033.00).**

* * * * * * * * * * * *

***Ipinanukala nina:*** Kon. Aldrin L. San Pedro
Kon. Raul R. Corro
Kon. Patricio L. Boncyao, Jr.
Kon. Jo Jason T. Alcaraz
Kon. Bal Niefes
Kon. Nicanor L. Echavez, MD
Kon. Victor L. Ulanday
Kon. Dante S. Almario
Kon. Elmer S. Espeleta
Kon. Reynaldo A. Abas, Jr.
Kon. Lucio B. Constantino
Kon. Mario E. Bulay, Jr.
Kon. Artemio A. Simundac
Kon. Allan Rey A. Camilon

* * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT,** ang proyektong ***"CONSTRUCTION OF NICHES"*** na matatagpuan sa Barangay Putatan ay isa sa mga pangunahing Pagawaing Bayan ng Pamahalaang Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay nagpalathala at nagpaskil ng Paanyaya sa Tawaran ayon sa itinatadhana ng batas sa pagpapagawa ng proyekto;

**SAPAGKAT,** sa Pampublikong Tawaran na ginanap noong 21 Abril 1999, tatlong (3) akreditadong kontratista ang nagsumite ng "bid." Ito ay ang mga sumusunod:

| **CONTRACTOR** | **AMOUNT** | **VARIANCE** | |
|---|---|---|---|
| | | ***% to AAE*** | ***% to ALGUE*** |
| Aesthetic Trading | P3,000,000.00 | 1.06 | 1.03 |
| AM-FM Builders | P2,982,000.00 | 1.05 | 1.02 |
| Wilcu Construction | P2,987,000.00 | 1.05 | 1.02 |

**SAPAGKAT,** ang halaga ng proyekto (batay sa **Approved Agency Estimate**) ay ***Dalawang Milyon Walongdaan Tatlumpu't Pitong Libo, Tatlumpu't Tatlong Piso*** **(P2,837,033.00)** at ang **Allowable Local Government Unit Estimate (ALGUE)** ay ***Dalawang Milyon Siyamnaraan Labintatlong Libo Tatlongdaan Limampung Piso*** (P2,913,350.00);

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



**SAPAGKAT,** ang *halaga ng "bid"* na inialok ng kontratista **(AM/FM Builders)** na may pinakamababang tawad na mataas ng **5%** sa **AAE** at **2%** sa **ALGUE** *ay pawang responsibo*;

**SAPAGKAT,** matapos pag-aralan ang rekomendasyon ng ***Lupon ng Prekuwalipikasyon, Pagtatawaran at Paggagawad*** **(PBAC)** at masusing pagsisiyasat sa mga isinumiteng dokumento, pinagpasiyahan na pahintulutan ang Punonglungsod na ipagawa ang proyekto sa ***AM/FM Builders,*** subalit sa halaga na pinagtibay ng Pamahalaang Lungsod (AAE) na ***Dalawang Milyon Walongdaan Tatlumpu't Pitong Libo Tatlumput Tatlong Piso (P2,837,033.00)***;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng ***Sangguniang Panlungsod*** na pagtibayin ang pagpapagawa ng proyekto (Construction of Niches) at bigyan ng kapangyarihan ang **Punonglungsod, *Mggl.* Jaime R. Fresnedi** na kumatawan sa Pamahalaang Lungsod sa pagpasok sa kontrata sa **AM/FM Builders sa halagang *Dalawang Milyon Walongdaan Tatlumpu't Pitong Libo, Tatlumpu't Tatlong Piso (P2,837,033.00).***

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **12 Mayo 1999,** sa ginanap na ika-**38** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**Dr. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

*Pahina 3*
*Kapasiyahang Panlungsod 99-095*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sang. Kabataan*

**LIBAN:**

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Punong Panghapagang Mayorya/Tumayong Tagapangulo*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa: 5-26-99

*norie*